P4 Filipino
Term 1 Finals

Gawain A: Pangngalang Pantangi at Pangalang Pambalana
*Panuto: Basahin ang mga pangungusap. Isulat ang **PT** kung pangngalang pantangi at **PB** kung pangngalang pambalana ang salitang nakasalungguhit.*

_____ 1. Nakakuhaa ko ng mataas na marka sa nakaraang pagsusulit sa Filipino.
_____ 2. Ang mga kasapi sa ginanap na ASEAN Summit ay ligtas at matagumpay na nakadalo dahil sa pinag-igting na seguridad sa ating bansa.
_____ 3. Ang pag-unlad ng isang bansa ay nakasalalay sa mabuting pamunuan at mapayapang pagkakaisa ng mga taong bayan.
_____ 4. Bilang mag-aaral, tungkulin ko na mapagtagumpayan ang paghahasa ng kaalaman.
_____ 5. Ang Pilipinas ay mayaman sa kultura at tradisyon.

Gawain B: Magagalang na Pananalita
Panuto: Basahin ang bawat sitwasyon ng Mabuti. Piliin ang letra ng tamang sagot.

1. Tinanong ka ng iyong lola kung nakakain ka na ba ng tanghalian. Ano ang pinakamagalang na sagot na dapat mong sabihin?

   A. Oo, tapos na.
   B. Opo, kumain na po ako.
   C. Hindi po.
   D. Ewan ko po.

2. Binigyan ka ng iyong kapitbahay ng isang plato ng bagong lutong kakanin. Ano ang nararapat mong sabihin?

   A. Ano po ito?
   B. Makikiraan po.
   C. Maraming salamat po.
   D. Magandang umaga po.

3. Nais mong basahin ang aklat na nasa pinakamataas na bahagi ng *shelf* sa inyong silid-aklatan. Hindi mo kaya itong abutin. Ano ang magalang na pananalitang sasabihin mo sa katiwala o *librarian*?

   A. Kunin mo ang aklat.
   B. Akin na ang aklat.
   C. Makikiabot po ng aklat.
   D. Di bale na lang.

4. Hindi mo sinasadyang mabangga ang balikat ng isang tao habang naglalakad sa mataong palengke. Ano ang dapat mong agad na sabihin?

   A. Ano ba yan!
   B. Paumanhin po.
   C. Masikip kase.
   D. Sori naman.

LIVEWORKSHEETS

5. Babatiin mo ang iyong guro pagdating mo sa paaralan kinabukasan. Alin sa mga sumusunod ang tam among sabihin?

   A. Magandang umaga po, Ma'am/Sir.
   B. Magandang tanghali po, Ma'am/Sir.
   C. Magandang hapon po, Ma'am/Sir.
   D. Paalam po, Ma'am/Sir.

Gawain C: Panghalip Palagyo
Panuto: Punan ang patlang ng tamang Panghalip Palagyo (ako, ikaw, siya, kami, kayo, tayo, sila).

1. _____ ay naglilinis ng silid-aralan tuwing umaga.
2. "Saan _____ pupunta mamaya?" tanong ni nanay.
3. Si Jose ay masipag na bata; _____ ay tumutulong sa kanyang mga magulang.
4. _____ ay magkakaibigan na nag-aaral sa Grade 4.

Gawain D: Panghalip Paari
Panuto: Salungguhitan ang wastong panghalip na paari sa loob ng panaklong.

1. Ang bag na ito ay sa (akin, amin).
2. Naiwan mo ba ang (iyong, inyong) lapis sa mesa?
3. Ang mga lumang laruan na ito ay kanila; sa (atin, amin) naman ang mga bola.
4. Hiniram ni Mark ang aklat ni Lito; ngayon ay nasa (kaniya, kaniya na) na ito.

Gawain E: Panghalip Pananong
Panuto: Piliin sa kahon ang tamang panghalip na pananong para mabuo ang tanong.
[Sino, Ano, Saan, Kanino, Alin]

1. "_____ ang pangalan ng iyong guro sa Filipino?"
2. "_____ mo ibinigay ang iyong lumang bag?"
3. "_____ sa dalawang sapatos ang mas gusto mo?"
4. "_____ nakalagay ang mga aklat sa araling-bahay?"

Gawain F: Inang Kalikasan
Panuto: Lagyan ng tsek (/) ang pangungusap na nagsasabi ng tamang gawa upang mapahalagahan ang Inang Kalikasan.

_____ 1. Ayos lang itapon ang balat ng kendi kahit saan sa kalsada kapag walang nakatingin.

_____ 2. Isa sa gawain kapag Home Economics o Homeroom Period ay ang pagdidilig at pag-aalaga sa mga halaman sa paaralan.

_____ 3. Mas mabuting gumamit ng baunan at basong paulit-ulit na hinuhugasan kaysa sa laging bumili ng mga plastik na itatapon agad.

LIVEWORKSHEETS

_____ 4. Ayaw mo ng gamitin ang likod o blangkong bahagi ng lumang notebook o papel para sa pagsusulat o pagguhit dahil mas maganda kung bago.

_____ 5. Sabi ng iyong kamag-aral “Maaaring itapon ang mga basurang plastik sa dalampasigan o ilog dahil naanod naman ito palayo ng tubig”.

Gawain G: Pang-uri

*Panuto: Piliin ang pang-uri na ginamit sa pangungusap at isulat ito sa unang patlang. Tukuyin kung ito ay pang-uring pamilang **PB** o pang-uring panlarawan **PL** sa ikalawang patlang.*

_____ - _____ 1. Ang masipag na tao ay magtatagumpay sa kanyang mga pangarap.

_____ - _____ 2. Malamig ang panahon ngayong Disyembre.

_____ - _____ 3. Dalawang taon ang kanyang bunsong kapatid.

_____ - _____ 4. Ang mga parol sa mga bahay ay makulay.

_____ - _____ 5. Tig-anim na laruan ang binili ni Nanay sa amin.

Gawain H: Paggamit ng Pang-uri

Panuto: Lagyan ng angkop na pang-uri ang bawat pangungusap.

1. _____ and kapaligiran – hindi ko makita ang aking hinahanap.
2. _____ kaming magkakapatid.
3. Ang pondasyon ng aming bahay ay _____ - hindi ito basta-basta magugunaw.
4. Binigyan ng tropeo ang _____ nanalo sa kompetisyon.
5. _____ ang kanilang bakuran kaya masaya kaming nakapaglaro ng husto.

LIVEWORKSHEETS